DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF
HEALTH CARE SERVICES

Medi-Cal

# Paunawa ng Karagdagang Impormasyon (NOAI) tungkol sa iyong mga karapatan at benepisyo tungkol sa programang California Children's Services (CCS)

1. **Paano magbabago ang programa?**

   Ang bagong batas sa California ay magbabago sa paraan kung paano ang anak mo ay nakakakuha ng mga serbisyo ng programang California Children's Services (CCS). Simula sa **Enero 1, 2025**, palalawakin ng Medi-Cal ang programang WCM sa 12 pang mga county ng California. Sa 12 county na iyon, ang planong pangkalusugang Medi-Cal ay mangangasiwa sa koordinasyon ng pag-aalaga, pamamahala ng kaso at mga ibang mga California Children's Services (CCS) para sa mga batang kuwalipikado para sa CCS. Makakakuha na ang anak mo ngayon ng CCS sa pamamagitan ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa county nila. Tinatawag itong programang Whole Child Model (WCM).

   Bago ang bagong batas, ang mga batang may nararapat sa CCS na kundisyong nakatanggap ng pag-aalaga mula sa kapwa ang programang CCS ng county **at** isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa mga county na walang programang WCM. Ngayon, sa programang WCM, ikokoordina ng Medi-Cal ang lahat ng mga serbisyo sa pamamagitan lang ng planong pagkalusugan ng Medi-Cal ng anak mo.

   Ang 33 bansang ito ay mayroon na ngayong programang WCM: Butte, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Lake, Lassen, Marin, Mariposa, Mendocino, Merced, Modoc, Monterey, Napa, Nevada, Orange, Placer, Plumas, San Benito, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Cruz, Shasta, Sierra, Siskiyou, Solano, Sonoma, Sutter, Tehama, Trinity, Yolo, at Yuba.

2. **Ano ang programang WCM?**

   Tumutulong ang programang WCM sa mga batang CCS na nararapat sa Medi-Cal, at mga pamilya nilang makakuha ng mas mabuting koordinasyon ng pag-aalaga, access sa pag-aalaga ay mga resultang pangkalusugan.

3. **Paano makikipagtulungan ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa programang WCM?**

   Sa mga county ng WCM, nakikipagkoordina ang mga planong pangkalusugang Medi-Cal at inaaprubahan ang pag-aalaga para sa mga miyembro na may nararapat sa CCS na mga kundisyon. Ang mga doktor at espesyalista na bahagi



MU_0005221_TAG1_0624

ng pangkat ng planong pangkalusugang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga serbisyong CCS. Ang mga doktor at espesyalistang ito ay mga tagapagkaloob na paneled ng Programang CCS na kuwalipikadong magtrabaho sa mga miyembro ng CCS. Kung kailangan ng mga miyembro ng pag-aalaga na wala sa network ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal, tutulong ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa mga miyembro ng CCS na makuha ang pag-aalagang kailangan nila.

4. **Mapapanatili ba ng anak ko ang parehong tagapaglaan ng CCS?**

   Maaaring mapanatili ng anak mo ang kanilang tagapaglaan ng CCS kahit na ang tagapaglaan ay nasa labas ng network ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Tanungin ang CCS na tagapaglaan ng anak mo kung nagtatrabaho sila sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng anak mo. Kung nagtatrabaho ang paneled na tagapaglaan ng CCS, maaaring manatili ang anak mo sa parehong tagapaglaan. Kung hindi, ang anak mo ay maaari pa ring mapanatili ang parehong tagapaglaan ng CCS nang hanggang 12 buwan o mas matagal. Tinatawag ang prosesong itong "pagpapatuloy sa pag-aalaga" (continuity of care). Maaari mong tanungin ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa karagdagang impormasyon. Maaaring mapanatili ng anak mo ang tagapaglaan ng CCS kahit na ang tagapaglaan ay nasa labas ng network (OON). Maaari kang tumawag sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng anak mo at hilingin na panatiliin ang anak mo sa parehong tagapaglaan ng CCS sa kundisyon na ang tagapaglaan ng CCS at ang planong pangkalusugang Medi-Cal ng anak mo ay maaaring magtrabaho nang magkasama.

5. **Mapapanatili ba ng anak ko ang parehong tagapamahala ng kaso ng CCS?**

   Maaaring humingi ka ng "pagpapatuloy ng pag-aalaga" para mapanatili ng anak mo ang tagapamahala ng kaso ng CCS o nurse para sa pampublikong kalusugan. Kung ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal at ang county ay hindi magkasundo, tatalagahan ang anak mo ng tagapamahala ng kaso sa pamamagitan ng kanilang planong pangkalusugang Medi-Cal.

6. **Mapapanatili ba ng anak ko ang parehong mga benepisyong CCS sa programang WCM?**

   Oo. Magkakaroon ang anak mo ng parehong benepisyong CCS sa programang WCM. Patuloy na makakakuha ang anak mo ng mga serbisyong CCS na medikal na kailangan at nireseta ng tagapaglaan ng anak mo.

7. **Paano ko malalaman kung ang anak ko ay nasa programang WCM?**

   Ang anak mo ay nasa programang WCM kung ang anak mo ay naka-enroll sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal na nasa isa sa 33 county na nakalista sa tanong #1 at kuwalipikado para sa mga serbisyong CCS.

8. **Mababago ba ng programang WCM ang proseso para makakuha ng pag-aalagang CCS?**

   Kinokoordina ng programang WCM ang lahat ng mga aktibidad ng anak mo sa pag-aalaga at nagbabahagi ng impormasyon sa mga tagapaglaan ng anak mo. Sinisiguro nito na makukuha ng anak mo ang lahat ng pag-aalaga nila, kabilang ang mga serbisyo at supply ng CCS, mula sa planong pangkalusugang Medi-Cal ng anak mo. Ang programang WCM ay magbibigay ng access sa anak mo sa specialized na pag-aalaga batay sa kanilang nararapat sa CCS na kundisyon. Susubukan ng WCM na mapanatili ng anak mo ang mga parehong tagapaglaan ng CCS.

9. **Saan ako maaaring matuto pa o humingi ng tulong?**

   - Kung may mga tanong ka sa mga serbisyo ng CCS ng anak mo at programang WCM, tawagan ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng anak mo. Ang numero ng telepono ay nasa likod ng card ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng anak mo. Libre ang tawag.
   - Maaari ka ring tumawag sa tanggapan ng CCS ng county ng anak mo para magtanong. Para hanapin ang numero ng telepono ng county, pumunta sa **www.dhcs.ca.gov/services/ccs/Pages/CountyOffices.aspx**.
   - Para matuto pa tungkol sa mga pagpipilian para sa mga planong pangkalusugan at mga tagapaglaan (mga doktor o klinika), tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077). Libre ang tawag. O pumunta sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.
   - Kung may mga tanong ka tungkol sa Medi-Cal, tawagan ang Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Helpline Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi sa **1-800-541-5555**. Libre ang tawag.
   - Kung mayroon kang mga reklamo o problema sa Medi-Cal, tawagan ang Medi-Cal Ombudsman Office Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi sa **1-888-452-8609** (TTY: 711 para sa California State Relay). Libre ang tawag. O mag-email sa **MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov**. Tinutulungan nila ang mga taong may Medi-Cal na gamitin ang kanilang mga benepisyo at malaman ang kanilang karapatan at mga responsibilidad.



MU_0005221_TAG3_0624